# E-cigs ibabawal sa Quezon City

Balita · 21 Mar 2019 · 3 · Chito A. Chavez

Inaprubahan ni Quezon City Mayor Herbert Bautista ang ordinansa na nananawagan ng regulasyon sa paggamit ng electronic cigarettes o vape sa mga pampublikong lugar, kabilang na ang public conveyances, advertisements at promotions ng produkto.

Nakasaad sa City Ordinance 2737-2018 na ipinagbabawal ang paggamit ng e-cigarettes sa indoors, mga simbahan, ospital, at iba pang health care centers, public conveyances, government offices at educational o recreational facilities para sa mga bata.

Ang mga lalabag sa ordinansa ay pagmumultahin ng P500 hanggang P1,000 sa first offense, at P1,000- P2,500 para sa second offense.